
Filipino（フィリピノ語）

# Gabay ng Asal sa Pamumuhay para sa mga Dayuhan sa Lungsod ng Amagasaki

～Poprotektahan ka ng mga alituntunin at asal～

- Alituntunin at asal sa pabahay
- Alituntunin at asal sa pagtatapon ng basura
- Sa mga taong naninigarilyo
- Alituntunin at asal sa pagbisekleta
- Alituntunin at asal sa pamumuhay
- Para ka maprotektahan



## Kumunsulta kapag namoroblema

**Consultation Center for Foreign Residents sa Lungsod ng Amagasaki**

**Lugar** 1-23-1 Higashinanamatsucho ng Lungsod ng Amagasaki, 7F ng Central Building ng Munisipyo (Honcho-naka-kan)

**Oras** Lunes–Biyernes 10:00 a.m.–12:00 noon, 1:00 p.m.–4:00 p.m

Tagapayo sa wikang banyaga(Ingles, Intsik, Vietnam)

※Ang sa ibang wika ay tumutugon sa pamamagitan ng paggamit ng interpretation machine.

**TEL** 06-6489-6449 **FAX** 06-6489-6661

**MAIL** ama-welcome@city.amagasaki.hyogo.jp

尼崎市

# Alituntunin at asal sa pabahay

## Kapag uupa ng apartment




- Ang taong umupa ang siyang maninirahan. Hindi maaaring manirahan ang ibang tao.
- Hindi maaaring ipahiram sa ibang tao.
- Pakikansela kung lilipat. (Huwag kalimutan ang kuryente/gas/tubig/pati na ang internet)
- Ang corridor at hagdan ay lugar na ang lahat ay gagamit.
  Huwag lagyan ng pansariling bagay.

※May posibilidad na paalisin kapag hindi tutupad sa alituntunin.

# Alituntunin at asal sa pagtatapon ng basura

## Kapag magtatapon ng basura




- Ang sinusunog na basura, bote/lata at pet bottle ay ihiwalay sa kanya-kanyang klase.
- Depende sa klase ng basura ang nakatalagang paraan, araw ng pagtatapon,
  at lugar kung saan itatapon.
- Pakilagay sa itinalaga ng Lungsod na supot ng basura “Itinalagang Supot ng Lungsod ng Amagasaki”.
- Kung magtatapon ng may kalakihang basura (mahigit 50cm), kailangan ng aplikasyon at pera para sa pagtatapon.

※Kapag hindi tutupad sa mga alituntunin,
Kahit pa nagtapon ng basura, ito ay hindi hahakutin ng Lungsod.
Bawal magtapon ng basura sa mga lugar na hindi nakatalaga.
Kung lumabag, may posibilidad na maparusahan.

Ang mga detalye ng paraan sa pagtatapon ng basura ay nakapaliwanag sa homepage ng Lungsod ng Amagasaki.

https://www.city.amagasaki.hyogo.jp/kurashi/gomi/manner/1003652.html

# Sa mga taong naninigarilyo



- Bawal manigarilyo kapag naglalakad, nagbibisekleta o nagmomotorsiklo.
- Pagkatapos manigarilyo ay huwag itapon sa daan ang upos. Gumamit ng mobile ashtray.


※Kapag maninigarilyo ay tingnan ang paligid kung wala bang tao.
Iwasang mausukan ng sigarilyo ang ibang tao.

# Alituntunin at asal sa pagbisekleta



- Iwanan ang bisekleta sa paradahan May kukuha kung iiwan sa lugar na hindi paradahan.
- Siguraduhing nakalock kung lalayo sa bisekleta.
- Sundin ang mga signals at panandaliang paghinto.
- Bawal magbisekleta kung nakainom ng alak.
- Gamitin ang ilaw ng bisekleta kapag madilim na.
- Kapag magbibisekleta, dumaan sa kaliwang bahagi ng daanan.
  Kapag dadaan sa bangketa ay mag-ingat sa mga taong naglalakad.
- Magsuot ng helmet kapag magbibisekleta.


# Alituntunin at asal sa pamumuhay



- Huwag maging malakas ang boses dahil maingay.
- Huwag makinig ng musika na malakas ang tunog.(mag-ingat lalo na sa gabi)

※Magkakatrouble sa ibang residente.
※Maaring puntahan ng pulis at mapagsabihan.


- Kapag lalabas ay siguraduhin na ang pinto at bintana ng bahay ay sarado at nakalock.
- Kahit na nasa bahay ay ilock ang pinto.



※Kapag hindi susian ay malamang na mabingit sa krimen.

# Para ka maprotektahan


## Mag-ingat na hindi makalabas ang personal na impormasyon



- Bawal manghiram at magpahiram ng Residence Card o National Health Insurance Card.
- Bawal ibigay sa ibang tao ang pansariling bank account. Bawal din na ipagbili.
- Huwag ipost sa SNS ang mga bagay na may nakasulat na personal na impormasyon.

※Malamang na mabingit ka sa krimen.
May posibilidad din na maparusahan.


## Nakalimutan ninyo ba ang pagbayad?



- Bayaran sa nakatakdang panahon ang bayarin sa National Health Insurance
  at National Pension Insurance, buwis.

※Kapag hindi makapagbayad,
・sisingilin ng bayad sa pagsuperbisa at late payment fee.
・Maiimbargo ang pera at mga bagay na meron ka.
・Malamang na hindi ka makapag-renew ng period of stay.

## Mga dapat tandaan kapag magsisimula sa trabaho



- Kumpirmahin ang oras at sahod ng trabaho, nilalaman ng trabaho at iba pa.
- Ang mga may residential status na “Student” o “Dependent”
  ay bawal magtrabaho ng lampas sa panuntunan na 28 na oras sa isang linggo.

※Kapag lumabag ay may posibilidad na ipadeport.

